
# DINALA SA HANGGANAN

**A Lord's Flock Worship Topic**

Ni: Sis. Techie Rodriguez-Elder

Enero 17, 2026

Sinubok ng Diyos si Abraham upang makita ang hangganan ng kanyang pagsunod sa pamamagitan ng paghingi na ialay si Isaac (kaisa-isang anak ni Abraham at anak na ipinangako). Sa ating katayuan, maaaring sinadya ng Diyos na dalhin Niya tayo sa hangganan upang subukin ang ating katapatan at pagmamahal sa Kanya; ang kapalit naman nito ay masaganang pamumuhay.




**1. Ang aking Diyos, ang Promise Keeper, ay tumutupad sa Kanyang Salita.** (Gen. 21:1-3).

1.1. Nakita natin at na-realize ang mga inangking pangako lalo na kung sumusunod tayo sa Diyos.

1.2. Tinupad ng Diyos ang pangako Niya kay Abraham sa pamamagitan ng pag-allow sa kanyang asawang si Sara, isang baog, na magdalang-tao at ipanganak si Isaac sa edad na 90.

1.3. Agad sumunod si Abraham sa mga bilin ng Diyos na iwan ang lahat niyang kayamanan at pumunta sa itinakdang lugar ng pagsamba (Gen. 22:3-5).

1.4. Sinubok ng Diyos ang pagsunod ni Abraham hanggang sa hangganan (Jn. 14:21) at nangakong magbibigay ng masaganang pagpapala (i.e. tinawag na Ama ng maraming bansa, na maging dakila ang pangalan ni Abraham, maging biyaya sa kapwa).

**2. Tinupad Niya ang kanyang Salita, at nangyari ito sa itinakdang oras ng Diyos.**

2.1. Ang mga pangako ng Diyos kay Abraham ay inihayag at natupad sa panahon ng Diyos. Naghintay ng 25 taon si Abraham para matupad ang pangako ng Diyos.

2.2. Natupad ang lahat ng pangako ng Diyos sa Israel dahil lahat ay naihayag (Josue 21.45).

2.3. Ang lahat ng mga Salita ng Diyos ay nahayag at mangyayari (Isa.55:9).

2.4. Kung naghihintay tayo sa pangako ng Diyos, tiyak na tutuparin Niya ito.

2.5. Ang Kanyang plano ay nagdudulot ng kabutihan at kasaganaan (Jer. 29).

2.6. Sinabi ng Mahal na Ina, "Ako'y isang lingkod ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi (Lk.1:38).

**3. Namamagitan ang Diyos (Gen. 22:12).** "Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan. Naipakita mo na handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa at pinakamamamahal mong anak."

**4. Ang buhay ay isang pagsubok.**

4.1. Ang mga pagsubok na bahagi ng buhay ay hindi maiiwasan. Nagmumula sila sa iba't ibang pangyayari, sitwasyon at mga sandali na mararanasan sa bawat aspekto ng ating buhay.

4.2. Malalaki at maliliit na pagsubok ang nangyari kina Job, David, Moses at Joseph, at iba pa.

4.3. Susubukan tayo ng Diyos ngunit hindi Niya tayo tutuksuhin kailanman.

4.4. Ang mga pagsubok ay idinisenyo para sa paglago,

4.4.1. upang patunayan ang ating pananalig, ating pag-asa, at tunay na commitment.

4.5. Ang mga nagtagumpay sa mga temptation at pagsubok ay pinagpala.

**5. Hinahanap ng Diyos ang F.A.T. sa mga tao.**

5.1.1. **Faithful.** Tinutupad natin ang pangako sa Diyos na mag-serve sa Kanya.

5.2.2. **Available**. Lagi tayong handang maglingkod.

5.2.3. **Teachable.** Kailangan nating maging humble para tayo ay maturuan at itama ang ating kamalian.

**6. Dapat palakasin ang ating pagtitiwala sa Diyos.**

6.1. Palalimin ang personal na relasyon sa Diyos.

6.2.Pag-alam sa ikasasaya at ikalulungkot ng Diyos.

6.3.Paghanap ng paraan paano mag-submit sa God.

6.4. Pagnilay sa ating pagtitiwala sa Kanya.

**7. Ang ating pagsunod ay hangang sa hangganan.** Kung mahal natin ang Diyos, tinutupad natin ang Kanyang mga utos (Jn. 14:15).

**Konklusyon**: Ang Diyos ay naghahanap ng pagsunod hindi sakripisyo, ang lahat ay dahil sa pag-ibig.

**Pagninilay:** Ano ang pumipigil sa iyo upang ganap ang pagsunod sa Diyos?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Inedit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Pagsunod
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/18C4kjhSge/